

Preservation edition (pakitabi po ang papel na ito sa inyong tahanan)

Mayo 7, 2018

Para sa mga magulang

Mababang Paaralan ng Kameyama Nishi

Punong guro

**Tungkol sa pagresponde ng paaralan sa impormasyon kaugnay sa nankai trough quake at iba pa**

Kaugnay sa mga bagay na ito, ang paaralan ay magsasagawa ng aksyon ayon sa mga nakasaad sa ibaba base sa standard na isyu ng 「Impormasyon ng paalala」 o kaya 「Pahayag ng babala」 kaugnay sa “NANKAI TORAFU JISHIN” nankai trough quake, kaya hinihiling po namin sa inyo na unawain itong mabuti at magsagawa ng naaangkop na hakbang.

Tala

1 Kapag nag-isyu ng 「Impormasyon ng paalala」 o kaya 「nagpahayag ng babala」 kapag kasalukuyang nasa tahanan.

◎ Huwag papasukin sa paaralan. (pansamantalang isususpende ang klase)

(Buong araw ng walang pasok kung sakaling hindi pa rin kinakansela ang mga babala hanggang alas dose(12:00) ng tangghali)

2 Kapag nag-isyu ng 「Impormasyon ng paalala」 o kaya 「nagpahayag ng babala」 habang papasok sa paaralan o pauwi sa bahay

◎Makikipag-ugnayan ang paaralan sa mga komite sa distrito “Chiku-iin) at magsasagawa ng tamang hakbang. Bilang pangkalahatang hakbang pauwiin kaagad sa bahay ang mga estudyante, subalit maghihintay ang bata sa pagsundo ng magulang kung sakaling nakarating na ito sa paaralan. Magpapatrol ang mga guro at magsasagawa ng tamang hakbang base sa sitwasyon.

◎Sa oras ng uwian, makikipag-ugnayan ang paaralan sa mga “chiku-iin” at magsasagawa ng tamang aksyon subalit, bilang pangkalahatang hakbang, direktso ng pauwiin sa bahay ang mga mag-aaral.

3 Kapag nag-isyu ng 「Impormasyon ng paalala」 o kaya 「nagpahayag ng babala」 kapag nagsimula na ang klase

Ititigil ang klase. Papupuntahin ang mga magulang sa paaralan upang ipasundo ang ang mag-aaral. Ipapasa ng paaralan ang estudyante sa magulang pagkatapos makumpirma sa 「Jidou hikitori card」 o kard para sa pagsundo ng bata sa oras ng emergency.

<Remarks>

- ※ Ang 「Impormasyon ng paalala」 o kaya 「pahayag ng babala」 ng NANKAI TORAFU JISHIN ay malaking impormasyon na inaanunsyo ng Japan Meteorological Agency kaya maririnig niyo ito kahit nasaan man kayo. Nasa bahay man, kumpanya, government office, opisina o iba pa.
- ※ Bilang sistema ng impormasyon, ibinabalita sa mga mamamayan ng magkakasunod ang 「Impormasyon ng surbey na may kaugnayan sa “Nankai torafu jishin”」 ⇒ 「Impormasyon ng paalala ng “Nankai torafu jishin”」 ⇒ 「Prediction Information ng “Nankai torafu jishin”」 sa pamamagitan ng TV , radyo, at public relation ng lokal na pamahalaan. Kapag lumabas ang 「Prediction Information ng “Nankai torafu jishin”」 magkakaroon ng isyu ng 「Pahayag ng babala」 . Pakitandaan po na hindi kaugnay ang impormasyon ng obserbasyon sa lindol.
- ※ Kapag nag-isyu ng 「Pahayag ng babala」 o kaya biglang nagkaroon ng malakas na lindol ng walang impormasyon, inaasahan na po ang pagiging abala ng mga telepono o iba pa dahil para hindi ninyo makontak ang paaralan. Pagsisikapan po ng paaralan na makipag-ugnayan sa mga miyembro ng komite sa inyong distrito, subalit ang pagsundo sa mga bata ay responsibilidad po ng mga magulang.
- ※ Kapag naganap ang nankai trough earthquake, ang city hall ang posibleng maging disaster countermeasure headquarters. May mga posibilidad na isara ang kalsada sa may harapan ng city hall kaya iwasan po ang pagpunta sa paaralan ng nakasasakyan kapag magsusundo sa bata.